Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

SPEECH OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE DURING THE INAUGURATION OF THE SANGLEY AIRPORT DEVELOPMENT PROJECT AND PRESENTATION OF THE SANGLEY POINT INTERNATIONAL AIRPORT PROJECT

[Delivered at Sangley Airport, Cavite City | 15 February 2020]

Kindly sit down.

May nakuha ako na corona sa mutya ng [unclear] --- Barangay [unclear]. I got it from her crown. You know, let me just depart from the usual hullabaloo.

There was this crisis. Was it last June? Nagkapatong-patong na. And I'd like to apologize for my outburst noon sa lahat ng --- well 'yung lahat nakaharap mo. Simply because there was really a crisis which *[unclear]* be a big one. At the very least, I was trying to sort out na kung meron maliit.

And so sabi ko kay Art, "Art, p***** i** itong NAIA na ito. Para wala na tayong problema paputukin mo na lang 'yung runway tapos doon na kayo lahat sa Clark mag-landing."

Sabi ko sa kanya, "Ano ba 'yang Sangley na 'yan? Wala namang trabaho 'yan. Bakit hindi mo..." Eh sabi niya, "Kaya." Sabi ko, "Huwag mo akong kaya-kayahin kay hindi mo ako kaya. Kailan mo matapos 'yan? I'll give you about until the end of the year."

You know, [levity?] aside. Si Art kasi was our vale --- class valedictorian. Talagang mautak. At you know, if you have guys who have these innovative brains...

Kaya kami noon sa klase, lumalabas kami sa library, nag-iinuman diyan sa Legarda na 'yan, yawa na 'yan. Ang laki nagastos ko diyan. *[laughter]*

Kaya tapos si Tugade sabi ko, "Huwag, hayaan mo 'yang taong 'yan kasi ako pinapaaral ko 'yan para may trabaho ako sa kanya balang araw." Ayon nga... Eh siya 'yung nakita ko talaga sa klase na... Alam mo sa totoo lang, itong gobyernong 'to, may pera tayo. Ayaw lang sabihin ni Secretary Dominguez kung magkano. Pero kung sabi mo lang pera kasing haba ng runway nito, meron tayo. May pera tayo. Ang problema 'pag ang pera hindi nagagamit sa wastong paraan.

That has always been the problem of the Philippines and it has kept us down for so many years. Kaya ako naman in my own humble way, there were just a few things that I promised if you remember during the campaign.

One is that I said I'll stop corruption. Drugs, maraming namatay and everybody's complaining as if I am not also complaining. It has destroyed the nation and it will destroy everybody.

Look at the other countries. Look at what's happening to them now. They continue to keep a blind eye to the reality of the virulence of drug addiction. Negosyo eh. 'Pag hindi mo patayin 'yan, hindi talaga hihinto 'yan. Take it from me. Marami man kami... There... [unclear]

'Pag hindi mo talaga ito --- mga hard core na --- to the core na criminals, 'yung papasok na mga... Hindi 'yan basta-basta nakikinig kagaya ng sabihin ng itong mga p***** i*** human rights kayo. "Hoy maghinto na kayo dito. P***** i** kayo. Magtinda na lang kayo ng siopao." [unclear] may ganun drug lord. F*** you.

Hindi ta --- hihinto 'yan eh. Hihinto lang 'yan kung patay na. Kaya 'yan ang iiwan ko. Nandito ngayon 'yung networks. 'Yan ang bago kong mensahe sa --- hindi man tayo nag-usap sa new year. Wala man tayong convention sa mga drug lords pati drug pushers. So ngayon ko ibigay. *[unclear]* There are rules. You break it? Ikaw.

So tayo may pera. Nagagamit lang kasi diyan 'yung corruption. Pero ito. Kita mo si Art. So I asked him, "How much did you spend for this?" Sabi, "Seven hundred million." "O really?" Look what a 700 million can do in the hands of a competent, a bright... Ilocano 'to. Kuripot na. *[applause]*

Alam mo sa totoo lang... Sinasabi ninyo na... Ah huwag na itong speech na ito tsaka 'yung persons to be acknowledged kay kilala naman niyo ito sila. O bakit pa tayo... *[laughter]* Noon pa.

Ang ano natin is let's try to sort out something for the remaining years of my term. One is that I try to keep... Talagang hihirit ako dito. Believe me --- men in government. T*** i** hihiritan talaga kita. Alam ninyo sinasampal ko kayo. Alam ninyo sinisipa ko kayo sa harap ng mga secretaries. Do not

try to tempt the gods of the Cabinet, hindi ako. Huwag ninyong talagang gawain 'yun.

You will not only lose your business, you will lose your --- not only your pants, but your entire... Tsaka mag-ano 'yang pera mo kung patay ka na? Sinong makinabang? 'Yung biyuda mo? 'Yung bagong lalaki niya? Ganun kayo eh. Lalo na kayong mga... Pa-abroad-abroad kayo, ang gaganda ninyo. May mga tag-dalawa, tatlong kabit kayo. Mapunta pa sa akin 'yung isa, o. *[laughter]* May pera na, o wala akong gastos. Akala mo naman kaya pa. *[laughter]*

Pero I'd like to go down to the reality of things. I'll just talk about you know, life, kung itong mangyari ngayon. Napakaganda. And I'm so --- in my own little way. I'm not --- I'm not the kind who used to brag, "This is my project."

As a matter of fact, most of my projects in the provinces walang media. And whenever I go to the camps, to the military camps all over the country, and inside Jolo, in the airport, pumapasok ako ng Jolo doon mismo sa loob.

I do not bring any camera or media kasi pagka pumutok, marami kami ikarga sa cargo plane. Puro patay.

So 'yun ang ano ko lang. Let's try to coast along. At least at --- during my time, kindly avoid corruption. 'Yang pino lang. Huwag 'yung [unclear]. Talagang hindi ako... I have a short --- the shortest fuse sa 'yung corruption.

Kaya that is why I tiptoe. I tiptoe in the path of the presidency. You know why? Kasi ako 'pag bumira ng corrupt talagang bibirahin kita and I will humiliate and I will shame you. And I will not give you that pleasure of getting back at me.

That is why nandito 'yan sila lahat. And this project and all. Multi-billion. No transaction of government involving money, dollars, or pesos or whatever would ever pass my desk in the office or in the --- my bedroom, sa study table ko.

All other things in government except transactions. MRT, kung ang... Sinabi ko diyan sa Cabinet. Mabuti't 'yan malaman ninyo. Sabi ko talaga ayaw ko. Sonny, kay Tugade. It's your project. Do it. If you fail, you answer to me. It begins and ends in your desk. Do not bother. 'Di na kailangan.

Ngayon, siyempre proud rin siya. At alam ko na nandito kayo beautiful people of the aviation industry. Pati 'yung mga wakwak na 'yung lumilipad na ano... Pumunta ako rito.

You know, ito bang gobyerno, ito ang dapat na oras, tama 'yan eh. 'Yung nag-inaugurate ng barangay hall alas dos ng hapon. Anak ka ng... Eh pwede mo naman gawin alas singko 'yan. Wala namang martial law na magpa --alas sais mag-uwi ka na.

Minsan 'yung iba alas --- alas diyes. P**** i** nakita mo nas --- ang kat... Wala. Ito nasunog. Hindi na talaga na --- nagbalik.

So sabi ng --- sabi ng --- it's either pigmentation of your old age or if you go back kahit magputi na, it will burn again easily. So sabi ko na 'yung hapon 'yung maganda 'yung hangin kagaya ngayon.

Hindi magdating tayo dito ng alas dos magtinginan tayo, pawis. Wala naman tayong --- aside from this airport --- this structure. Kasi pinag-usapan kung hindi... May tsismis, si Sonny, babae. [laughter]

"Nakilala mo ba 'yung ano doon?" sabi niyang ganyan. Tanong ko siya, "Bakit? Kaya mo pa?" Sabi niya "Oo." Sabi ko, "'Di, ako rin." Well anyway, pabiro na lang 'yan pero there is one important thing that I'd like to make it clear now.

Not during my time. I will only allow maybe plans of whatever reclamation if it is in connection with a government project. I will not allow massive reclamation for the private sector. Not now. Because if I --- if you approve one, you approve all. Ganun 'yan eh.

"Eh bakit si Duterte inapprove niya 'yung ano ng Hong Kong?" Eh the guy from Hong Kong, he has a business. He was given a --- so many...

You know, when you govern you try to be --- at least you try very hard to be equal and fair. But if I do that, of which I am wont to do, I will choke Manila.

The entire Manila City would be environmentally at peril. So pag-aralan ninyong mabuti 'yan. For the next administration, whoever gets to be the president of this country, study it very carefully. Because that Manila there, that old city is an old city and it will decay if you add so many things in front of Manila Bay.

So ako ayaw ko, wala ako. I --- I'm not... Government projects maybe, except for those na-approve na, wala na ako. That is why 'yung Reclamation Authority kinuha ko. I got it back because I heard that everybody was lobbying for it and it came to my --- pati sa aking attention that we have this project and every Tom, Dick, and Harry in town was following up. Sabi ko, no.

No --- no reclamation. You wait until the next president who would be --- they would look --- they might look at it kindly at a different lens.

But me, I'm just two years away and I will go home and pack up and use the flight from my --- last flight, as long as it will not go down there in the sea.

I will take my last flight as President to Davao. I will use this airport.

Maraming salamat po. [applause]

---- END ----